



PAGPAPAREHISTRO

Welcome sa Communities Thrive Challenge, at salamat sa pagpapakita ng interes dito! Para makasali sa Challenge, kakailanganin ninyong gumawa ng account sa website na ito at sagutan ang Round One na aplikasyon. Sa pamamagitan ng pag-sign up, sumasang-ayon kayo sa mga tuntunin at kundisyon, mga patakaran sa panuntunan at privacy, at magagawa ninyong makita at masagutan ang aplikasyon at makatanggap ng mga pana-panahong update hinggil sa mga deadline at status ng inyong aplikasyon.

Pakilagay ang sumusunod na impormasyon para sa pagpaparehistro. Kapag natapos na, lalabas ang isang mensahe ng kumpirmasyon na "tapos na ang pagpaparehistro." Kung kailangan ninyong i-edit ang impormasyong ito bago ito isumite, bumalik sa page na ito sa pamamagitan ng pagpili sa "I-edit ang Form ng Pagpaparehistro" sa menu ng Profile. Simulan ang inyong pagsusumite sa pamamagitan ng pag-click sa "Aplikasyon" sa itaas ng page. (Hindi kailanman namin ipo-post ang inyong impormasyon sa pananalapi o ang detalye tungkol sa mga ginagawa ninyong challenge). Umaasa kami na matanggap ang inyong isusumite!

Dapat ninyong makumpleto ang form na ito ng pagpaparehistro nang hindi lalampas sa **Martes, Hunyo 12, 2018, sa ganap na 5:00 PM, Pacific.**

Salamat sa paglalaan ng oras na makibahagi sa amin. Umaasa kaming malaman ang tungkol sa inyong gawain!

* Nagsasaad ng kinakailangang field.

1. Legal na pangalan ng inyong organisasyon:* [TEXT BOX—15 words maximum]
 2. EIN number ng inyong organisasyon:* [NUMERIC BOX--EIN FORMAT]
 3. Address sa Pakikipag-ugnayan:
Address ng Kalye* [TEXT BOX—10 words maximum]
Linya 2 ng Address [TEXT BOX—10 words maximum]
Lungsod* [TEXT BOX—5 words maximum]
Estado* [DROP-DOWN LIST]
Postal / Zip Code* [TEXT BOX—5 words maximum]
 4. Numero ng Telepono:* [TEXT BOX]
 5. Website o page sa Facebook ng inyong organisasyon: [TEXT BOX]
 6. Paano ninyo ilalarawan ang mga uri ng komunidad kung saan kayo kumikilos? (lagyan ng check ang kahit gaano karaming naaangkop)*
 - Rural (populasyong nasa 50,000 o mas kaunti)
 - Maliit na urban (populasyong nasa pagitan ng 50,000 at 200,000)
 - Urban na katamtaman ang laki (populasyong nasa pagitan ng 200,000 at 500,000)
 - Metropolitan (populasyong nasa pagitan ng 500,000 at 1.5 milyon)
 - Malaking Metropolitan (populasyong nasa 1.5 milyon o mas marami pa)
 7. Ano ang istruktura ng inyong organisasyon?*
- o 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa
 - o 501(c)(3) na pribadong foundation o pribadong tumatakbong foundation



- Kumpanyang para sa kita
- 501(c)(6) business league, o nauugnay na fiscal sponsor
- B Corp/Korporasyon para sa Pamublikong Benepisyo
- Post-secondary na institusyon sa edukasyon (**TANDAAN:** Kwalipikadong mag-apply ang mga programang nagsisikap sa isa sa mga larangan ng isyu; hindi kwalipikado ang mga programang nakatuon sa pananaliksik.)
- 501(c)(4) na korporasyon sa kapakanang panlipunan
- Iba pa: Pakilarawan ito sa loob ng limang salita o mas kaunti pa. [TEXT BOX—5 words maximum]

TANDAAN: Hindi kwalipikadong mag-apply ang mga ahensya ng pamahalaan. Kung nagtatrabaho kayo para sa isang ahensya ng pamahalaan, at gusto ninyong sumali bilang bahagi ng team, upang makapagparehistro, mangyaring humikayat ng isa o higit pang kwalipikadong organisasyon na hindi pinapatakbo ng pamahalaan.

6. Magbibigay ng pondo at tulong ang Communities Thrive Challenge upang mapatatag at ma-scale ang mga pamamaraan para sa komunidad na magbibigay ng kapasidad sa mga taong may mababang kita o kung hindi naman ay mga taong walang seguridad sa pananalapi **na makakita at makapagpanatili ng trabahong may maayos na pasweldo at may kabuluhan, magkaroon ng seguridad sa pananalapi, o makabuo ng mga kapitbahayang may maayos ang katayuang pang-ekonomiko.** Maaaring kasama rito ang mga programang hindi para sa kita; mga negosyo, modelo ng pag-aayos o pagtataguyod; mga teknolohiya; diskarte sa pag-unlad ng ekonomiya, o iba pang pamamaraan na naghahatid ng mahalaga at patuloy na mga resulta sa alinman sa sumusunod na larangan. Mangyaring piliin ang mga larangan ng isyu kung saan kayo kumikilos (maaari kayong pumili nang marami).
 - Mas Magandang Trabaho:** Pagpapahusay ng kalidad ng trabaho, sweldo, at benepisyo ng manggagawa, at paggawa ng bago, at maayos ang pasweldo na trabaho para sa mga may mababang kita o kung hindi naman ay mga marginalized na manggagawa sa isang mabilis magbagong ekonomiya at labor market. Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng tagumpay ang: kita at bilang ng mga trabaho na nagbibigay ng makatarungang sahod para mabuhay at nagbibigay ng mga benepisyo.
 - Pag-unlad ng Mga Kasanayan at Pagtutugma ng Oportunidad:** Nag-uugnay ng mga taong may mababang kita sa trabaho at mga kinakailangang kasanayan upang magtagumpay sa isang nagbabagong labor market, posibleng sa pamamagitan ng pagbuo ng karagdagang kasanayan, pagbuo ng direksyon para sa karera mula sa mga trabahong may mababang sweldo patungo sa trabahong may mataas na sweldo, o pagtukoy ng mga solusyon sa pananalapi upang masuportahan ang pagbuo ng mga bagong kasanayan at transisyon sa trabaho. Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng tagumpay ang: pagkakatalaga sa trabaho, pagpapanatili at promosyon, o accessibility at pagtatapos ng programa sa pagsasanay.



- Seguridad sa Pananalapi:** Pagbibigay-daan sa mga manggagawa, at sa kanilang mga pamilya, na hindi napaglilingkuran nang wasto at walang seguridad sa pananalapi na mas mapamahalaan ang mga hindi inaasahang pagbabago sa kanilang kita at gastos nang hindi nakakaranas ng mga panahon ng mas matinding kahirapan o hindi napipilitang umasa sa pag-utang na lalong magpapahirap sa kanila. Maaaring kasama rito ang iba't ibang pamamaraan, kabilang ang pagpapahusay ng disenyo o paghahatid ng mga panlipunang serbisyo. Kabilang sa palatandaan ng tagumpay ang: stability sa pananalapi, pagbuo ng yaman, pagbaba ng utang at napapangasiwaang utang, paghusay ng mga credit score, access sa mga safety net o cash para sa emergency.
 - Mga Komunidad na May Maayos na Katayuang Pang-ekonomiko:** Pagbuo ng mga kapitbahayan, lungsod, o bayan na may stability sa pang-ekonomiyang aspeto at may mobility para sa mga residente na dati nang hindi isinama o ibinukod, at pagtiyak na ang kanilang mga kapitbahayan ay makikinabang mula sa pang-ekonomiyang pag-unlad at pagsigla ng rehiyon. Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng tagumpay ang: access sa mga pangunahing serbisyo, gaya ng child care at mga responsableng institusyon sa pananalapi, makatuwiran, abot-kayang pag-commute papunta sa magandang trabaho, pati na rin ang pagtaas ng mga kabuuang trabaho at/o maliit na negosyo na pagmamamay-ari ng mga people of color, babae, at LGBTQ na indibidwal na dating humarap sa mas mahirap na proseso ng pagmamamay-ari ng negosyo.
7. Paano ninyo nalaman ang tungkol sa Communities Thrive Challenge? Pumili ng isa o higit pang opsyon:*
- Personal na outreach event
 - Website ng Rockefeller Foundation
 - Website ng Chan Zuckerberg Initiative
 - Iba pang organisasyon [Textbox: 5 words max]
 - News outlet [Textbox: 5 words max]
 - Social media
 - Paghahanap sa Internet
 - Narinig sa mga usapan/personal na pakikipag-ugnayan
 - Iba pa [TEXT BOX—5 words maximum]



ROUND ONE NA APLIKASYON

Pakibasa ang lahat ng kinakailangan para sa aplikasyon bago sagutan ang bawat seksyon. Magiging available sa pag-download ang mga aplikasyon sa ilang wika, ngunit ang inyong mga sagot ay dapat isumite sa wikang English. May ilang paraan sa pagsagot ng aplikasyong ito. Maaaring piliin ng ilang organisasyon na magtampok ng partikular na proyekto o programa. Maaaring namang piliin ng iba na saklawin ang lahat ng gawain ng kanilang organisasyon. Anumang pamamaraan ang pipiliin ninyo, mangyaring tukuyin nang malinaw kung paano nauugnay ang inyong gawain sa mga pinagtutuunang larangan ng Communities Thrive Challenge. Ang mga bahagi ng inyong aplikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa Pamagat ng Panukala, Quick Pitch, Organisasyon, Suliranin, Inyong Pamamaraan, at heograpikong lokasyon, ay maaaring ma-publish sa website na ito. Ang natitirang bahagi ng inyong aplikasyon ay hindi titingnan ng mga administrator ng Challenge, peer reviewer, at iba pang posibleng tagapondo.

Bago ang pagsusumite, tiyaking suriin ang inyong aplikasyon dahil makikita ito ng mga reviewer sa pamamagitan ng pag-click sa link ng 'Preview' sa ibaba ng page. Kapag nakumpleto na ninyo ang lahat ng kinakailangan, makikita sa screen ang isang mensahe ng kumpirmasyon. Sa puntong iyon, maaari ninyong isumite ang inyong pinal na aplikasyon. Kapag naisumite na ninyo ang aplikasyon, hindi na kayo makakagawa ng mga pagbabago. Sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyong ito, binibigyan ninyo kami ng lisensya na mag-post ng mga bahagi nito sa website ng Communities Thrive Challenge. **(TANDAAN:** Hindi kailanman kami magpo-post ng alinman tungkol sa inyong impormasyon sa pananalapi o detalye tungkol sa mga ginagawa ninyong challenge).

Dapat ninyong isumite ang inyong aplikasyon nang hindi lalampas sa **Martes, Hunyo 19, 2018, sa ganap na 5:00 PM, Pacific.**

A. ANG MGA PANGUNAHIN

Makakatulong sa amin ang mga tanong sa ibaba sa paggawa ng inisyal, at mataas na antas ng pag-unawa sa istraktura at misyon ng inyong organisasyon, pati na rin ang **impact, potensyal para sa scale, pakikipag-ugnayan sa komunidad** at **pamunuan** nito. Maaari kayong mag-apply bilang team na binubuo ng dalawa o higit pang organisasyon, ngunit sa Round One na aplikasyon, pakilarawan lang ang pangunahin o namumunong organisasyon. Kung hihikayatin kayong magsumite para sa Round Two na aplikasyon, may pagkakataon kayong magbigay ng mas detalyadong impormasyon sa bawat isa sa mga paksang ito at ipakilala ang inyong mga partner.

PAMAGAT NG PANUKALA (10 salita)

Mangyaring magbigay ng pangalan para sa inyong panukala.
[TEXT BOX: 5 words maximum]

QUICK PITCH (50 salita)

Magbigay ng malinaw at maikling paliwanag ng pamamaraan ng inyong organisasyon sa pagpapahusay ng oportunidad na pang-ekonomiya para sa inyong komunidad. Ang inyong Quick Pitch ay isang maikling pahayag na babasahin ng bawat reviewer upang magkaroon ng paunang pag-unawa sa inyong gawain. Pagkakataon ninyo ito upang makabuo ng magandang unang impresyon.
[TEXT BOX: 50 words maximum]



ORGANISASYON (150 salita)

Ipaliwanag nang maikli kung paano tumatakbo ang inyong organisasyon. Ano ang mga pinapahalagahan ninyo? Paano ninyo isinasaayos ang inyong team upang magawa nila ang gawain? Ano ang natatangi tungkol sa pagpapatakbo ng inyong organisasyon?

[TEXT BOX: 150 words maximum]

LAKI NG INYONG ORGANISASYON

Ilang tao ang kumikilos para sa inyong organisasyon? Mangyaring pumili sa mga opsyong nakalista sa ibaba.

- 1 - 10 empleyado
- 11 - 50 empleyado
- 51 - 200 empleyado
- 201 - 500 empleyado
- 501 - 1,000 empleyado
- 1,001+ empleyado

DATING PAGPOPONDO

Ang organisasyon ba ninyo ay nakatanggap na ng pamumuhunan o grant mula sa Chan Zuckerberg Initiative o grant mula sa The Rockefeller Foundation sa nakalipas na 10 taon?

- Hindi
- Hindi, ngunit ang isang nauugnay na organisasyon ay may [TEXT BOX: 5 words]
- Oo, mula sa Rockefeller Foundation [TEXT BOX: \$dollar amount][TEXT BOX: yyyy]
- Oo, mula sa Chan Zuckerberg [TEXT BOX: \$dollar amount][TEXT BOX: yyyy]

TANDAAN: Kung oo ang sagot, hindi kwalipikado ang inyong organisasyon para sa Communities Thrive Challenge. Gayunpaman, bukas pa rin kami sa pagtanggap ng isusumite ninyong aplikasyon bilang paraan sa The Rockefeller Foundation at Chan Zuckerberg Initiative na mas malaman ang tungkol sa inyong pinakamakailang gawain. Hindi susuriin ang inyong aplikasyon nilang bahagi ng Challenge. Kung ang isang nauugnay na organisasyon ay tumatanggap ng pondo, maaaring maging kwalipikado ang inyong organisasyon sa legal na pagsusuri ng The Rockefeller Foundation at Chan Zuckerberg Initiative.

BADYET SA PAGPAPATAKBO

Pakibigay ang taunang badyet sa pagpapatakbo ng inyong organisasyon, sa pamamagitan ng pagpili ng mga opsyon na nakalista sa ibaba.

- Wala pang \$200,000
- \$200,001 - \$500,000
- \$500,001 - \$750,000
- \$750,001 - \$1,000,000
- \$1,000,001 - \$1,500,000
- \$1,500,001 - \$2,000,000
- \$2,000,001 - \$3,000,000
- Mas malaki sa \$3,000,000



TANDAAN: Kung ang inyong taunang badyet sa pagtatakbo ay wala pang \$200,000, hindi kwalipikado ang inyong organisasyon para sa Communities Thrive Challenge. Gayunpaman, gusto pa rin naming malaman ang tungkol sa inyong gawain at hinihikayat namin kayong isumite ang inyong aplikasyon upang makilala namin kayo. Hindi susuriin ang inyong aplikasyon nilang bahagi ng Challenge.

HEOGRAPIKONG NAAABOT

Saan kayo kumikilos? Maglagay ng zip code para sa bawat lugar kung saan nangyayari ang inyong pagkilos.

[Text box to enter zip code 1]
[Text box to enter zip code 2]
[Text box to enter zip code 3]
[Text box to enter zip code 4]
[Text box to enter zip code 5]
[Text box to enter zip code 6]
[Text box to enter zip code 7]
[Text box to enter zip code 8]

B. IMPACT

Pagkakataon na ninyo upang magbigay ng karagdagang impormasyon at mga detalye tungkol sa gawain, pamamaraan, at pangkalahatang impact ng inyong organisasyon.

ANG PROBLEMA (200 salita)

Ipaliwanag ang (mga) problema sa inyong komunidad na layuning tugunan ng inyong organisasyon. Aling (mga) suliranin sa pang-ekonomiyang oportunidad ang layunin ninyong mawala? Bakit mahalaga ang problemang ito?

[TEXT BOX: maximum ng 200 salita]

INYONG PAMAMARAAN (200 salita)

Ipaliwanag ang pamamaraan ng inyong organisasyon sa pagtugon sa (mga) problemang inilalarawan sa itaas (hal., isang teorya sa pagbabago, estratehiya, o modelo). Bakit ninyo ginagamit ang pamamaraang ito? Aling mga resulta ang layunin ninyong makamit?

[TEXT BOX: maximum ng 200 salita]

ANG MGA PINAGLILINGKURAN NINYONG MAMAMAYAN (150 salita)

Talakayin ang tungkol sa mga mamamayan na pinaglilingkuran, pinamumuhunan, o kinakatawan ng inyong organisasyon. Sino ang mga mamamayang ito? Ano ang mga kinakaharap nilang suliranin?

[TEXT BOX: 150 words maximum]

MGA RESULTA (150 salita)

Paano ninyo nalalaman na epektibo ang inyong pamamaraan? Ilarawan ang mga resultang nakamit na ninyo.

[TEXT BOX: 150 words maximum]

POPULASYONG DIREKTANG PINAGLILINGKURAN



Ilang tao ang DIREKTANG pinaglilingkuran, pinaglalaanan ng puhunan, o kinakatawan ng inyong organisasyon?

[NUMERIC BOX: 9 digits maximum]

POPULASYONG HINDI DIREKTANG PINAGLILINGKURAN

Kung naaangkop, ilang tao ang naaapektuhan ng inyong gawain, sa malawak na pagtingin, o sa hindi direktang paraan? Halimbawa, kung ibinabahagi ng inyong organisasyon ang inyong kaalaman, mapagkukunan, o modelo upang hindi direktang makaapekto ng mga tao, pakisama ito sa inyong pagtatantya.

[NUMERIC BOX: 9 digits maximum]

C. POTENSİYAL PARA SA SCALE

Hindi lahat ng programa ay may potensiyal para sa scale – ang ilang pamamaraan ay hayagang idinisenyo para sa mga partikular at lokal na konteksto o populasyon. Ang The Rockefeller Foundation at Chan Zuckerberg Initiative ay parehong kinilala na dati sa pagsuporta ng naturang mga pagsisikap.

Gayunpaman, ang Communities Thrive Challenge ay partikular na naghahanap ng mga organisasyon na may **modelo o pamamaraan na may mahusay na potensiyal para sa impact sa scale** sa pamamagitan ng mga naaangkop at bagong mapagkukunan, pamumuhunan, diskarte, at partnership. Walang organisasyon ang makakakamit ng impact sa scale nang mag-isa!

Mayroon kaming malawak na kahulugan ng scale. Ang market expansion ay isang paraan upang mapalawak ang abot ng isang organisasyon. Ngunit maaari ding makamit ang scale sa pamamagitan ng pamamahagi ng inyong modelo sa isang pambansang network para sa pagpapatupad ng iba, pagbuo ng alyansa sa mga partner sa inyong buong rehiyon, pakikipagtulungan sa pamahalaan, pag-impluwensya sa pampubliko o pribadong patakaran, pangunguna o pagtatalaga para sa isang pagkilos, pagpapakilala ng bagong produkto, pagbabahagi ng bagong data o insight, at sa pamamagitan ng iba pang paraan.

PAMAMARAAN SA SCALE (150 salita)

Paano magiging epektibo ang inyong pamamaraan sa mas malawak na scale? Kung mayroon kayong \$1M ng hindi pinaghihigpitang pondo sa grant, paano ninyo mase-scale ang inyong pamamaraan? Ano sa palagay ninyo ang matututunan ng iba mula sa inyong pamamaraan?

[TEXT BOX: 150 words maximum]

D. ANG INYONG KOMUNIDAD

Gusto naming malaman ang tungkol sa komunidad na pinaglilingkuran ninyo at paano kayo nakikipag-ugnayan dito.

LOKAL NA KONTEKSTO (75 salita)

Magbigay ng paglalarawan sa komunidad, mga komunidad, o rehiyon kung saan kayo kumikilos (alinman ang pinakanauugnay sa pag-unawa ng inyong organisasyon). Ipaliwanag ang inyong pag-unawa sa mga kinakailangang pagpapatakbo o diskarteng mahalaga sa inyong komunidad at sa pagtatagumpay sa anumang pagsubok sa lokal na pagpapatupad.

[TEXT BOX: 75 words maximum]



PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD (75 salita)

Sa anong uri ng mga miyembro ng komunidad o partner nakikipagtulungan ang inyong organisasyon? Paano ninyo natitiyak na ang inyong gawain ay nakakakuha ng impormasyon mula sa komunidad sa tuloy-tuloy na paraan?

[TEXT BOX: 75 words maximum]

E. PAMUNUAN

Panghuli, mangyaring bigyan kami ng kaalaman tungkol sa mga taong nagpapatakbo sa inyong organisasyon.

ANG INYONG TEAM NG PAMUNUAN (150 salita)

Sino ang nasa team ng pamunuan para sa inyong organisasyon? Paano kinakatawan ng team ng pamunuan ang komunidad kung saan kayo kumikilos? Bakit kwalipikado sa natatanging paraan ang mga indibidwal na ito upang pamunuan ang inyong organisasyon?

[TEXT BOX: 150 words maximum]

IBA PANG PAGSASAALANG-ALANG (100 salita)

Kung mayroon pang anumang ibang impormasyon na gusto ninyong isaalang-alang ng mga reviewer, pakilagay ito rito.

[TEXT BOX: 100 words maximum]



ROUND TWO NA APLIKASYON

Binabati namin kayo sa pag-abot sa Round Two ng Communities Thrive Challenge! Sa Round One na aplikasyon, hiniling namin sa inyo na magbigay ng mataas na antas ng impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa. Sa Aplikasyon na ito, hihilingin namin sa inyo na magbigay ng mas malalim na detalye tungkol sa **impact, potensyal para sa scale, pakikipag-ugnayan sa komunidad, at pamunuan.**

Pakibasa ang lahat ng kinakailangan para sa aplikasyon bago sagutan ang bawat seksyon. Magiging available sa pag-download ang mga aplikasyon sa ilang wika, ngunit dapat itong isumite na nakasulat sa wikang English. May ilang paraan sa pagsagot ng aplikasyong ito. Maaaring piliin ng ilang organisasyon na magtampok ng partikular na proyekto o programa. Maaaring namang piliin ng iba na saklawin ang lahat ng gawain ng kanilang organisasyon. Anumang pamamaraan ang pipiliin ninyo, mangyaring tukuyin nang malinaw kung paano nauugnay ang inyong gawain sa mga pinagtutuunang larangan ng Communities Thrive Challenge. Ang mga bahagi ng inyong aplikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa Prinsipal na Organisasyon, Mga Resulta at Pagiging Epektibo, at Video, ay maaaring ma-publish sa website na ito. Ang kabuuan ng inyong Round One na aplikasyon at Round Two na aplikasyon ay titingnan lang ng mga administrator ng challenge, panel ng mga ekspertong reviewer, at potensyal na iba pang tagapondo.

Bago ang pagsusumite, tiyaking suriin ang inyong aplikasyon dahil makikita ito ng mga reviewer sa pamamagitan ng pag-click sa link ng preview sa ibaba ng page. Kapag nakumpleto na ninyo ang lahat ng kinakailangan, makikita sa screen ang isang mensahe ng kumpirmasyon. Sa puntong iyon, maaari ninyong isumite ang inyong pinal na aplikasyon. Kapag naisumite na ninyo ang aplikasyon, hindi na kayo makakagawa ng mga pagbabago. Sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyong ito, sumasang-ayon kayo sa mga tuntunin at kundisyon, patakaran sa panuntunan at privacy, at binibigyan ninyo kami ng lisensya na mag-post ng mga bahagi ng aplikasyong ito sa aming website (**TANDAAN:** Hindi kailanman kami magpo-post ng inyong impormasyon sa pananalapi o detalye tungkol sa mga kinakaharap ninyong pagsubok).

Dapat ninyong isumite ang inyong aplikasyon nang hindi lalampas sa **Lunes, Agosto 6, 2018 sa ganap na 5:00 PM, Pacific.**

A. HIGIT PA SA MGA PANGUNAHIN

Maaari kayong mag-apply bilang isang organisasyon o bilang team ng mga organisasyon hangga't ang team ay kinakatawan ng isang legal na entity (**TANDAAN:** Ibibigay lang ang mga grant sa isang legal na entity. Sumangguni sa Mga Alituntunin sa Pagiging Kwalipikado sa Mga Panuntunan para sa higit pang impormasyon).

PRINSIPAL NA ORGANISASYON

Ibigay ang legal na pangalan ng prinsipal na organisasyon na responsable para sa pagtanggap at pagkakaroon ng pananagutan para sa anumang pondo ng grant, pati na rin sa pagbibigay ng direksyon, kontrol, at pangangasiwa para sa gawain, kung ibibigay. Tumukoy ng isang point of contact na magsasagawa ng pangunahing tungkulin sa pamunuan na naman mag-uugnay sa mga may dedikasyong miyembro ng team at/o nauugnay na organisasyon.



Prinsipal na Organisasyon (Potensyal na Grantee)

Legal na Pangalan ng Organisasyon:* [TEXT BOX—10 words maximum]

Address ng Kalye* [TEXT BOX—10 words maximum]

Linya 2 ng Address [TEXT BOX—10 words maximum]

Lungsod* [TEXT BOX—5 words maximum]

Estado* [DROP-DOWN NA LISTAHAN—See Appendix B.]

Postal / Zip Code* [TEXT BOX—5 words maximum]

Point of Contact

Pangalan* [TEXT BOX—5 words maximum]

Apelyido* [TEXT BOX—5 words maximum]

Posisyon/Titulo* [TEXT BOX—5 words maximum]

Email Address* [TEXT BOX—5 words maximum]

Numero ng Telepono* [TEXT BOX—5 words maximum]

MGA APLIKASYON PARA SA TEAM (150 salita)

Kung pinili ninyong mag-apply bilang team, pakipaliwanag kung bakit. Paano ninyo matitiyak na ito ay magiging epektibong partnership? Nagtutungan na ba dati ang mga organisasyon? Kung hindi kayo nag-a-apply bilang team, pakilagay ang “Hindi naaangkop.”

[TEXT BOX: 150 words maximum]

B. IMPACT

Naghahanap kami ng mga organisasyong nakakapaghatid ng epektibo at patuloy na resulta, na tumutugon naman sa mahahalaga, agaran, at kumplikadong problema.

MGA RESULTA AT PAGIGING EPEKTIBO (350 salita)

Sa Round One na aplikasyon, nagtanong kami tungkol sa mga resulta at kung paano ninyo nalaman na gumagana ang inyong pamamaraan. Ngayon, gusto naming mas may malaman pa.

Paano ninyo pinili ang mga resultang pagtutuunan ninyo ng pansin? Paano ninyo nalalaman kung nagkakaroon kayo ng progreso sa mga resultang iyon? Mangyaring magbigay ng nauugnay na impormasyon, data, o patunay. Ang inyong organisasyon ba ay nagsagawa na ng anumang pilot, pagsusuri, o iba pang pananaliksik? Paano ninyo isinasama ang data o insight na iyon sa inyong gawain?

Ang inyong organisasyon o pamamaraan ba ay nasuri na ng iba? (**TANDAAN:** Hindi ito kinakailangan para sa Communities Thrive Challenge) Kung oo, pakilarawan ang mga resulta.

[TEXT BOX: 350 words]

MGA PINAGKUNAN NG IMPORMASYON

Pinapahalagahan namin ang iba't ibang data na ginagamit ng inyong pamamaraan (hal. hindi pormal na feedback, survey, panayam, o mga focus group). Anong uri ng data, kung mayroon, ang kinokolekta ninyo? Pakipili ang lahat ng naaangkop.



- Hindi pormal na alamin sa mga taong pinaglilingkuran ninyo upang malaman ang tinatakbo ng mga bagay-bagay
- Pormal na magkolekta at magdokumento ng qualitative na feedback
- Routine na magkolekta ng programa at iba pang nasa progresong data
- Mag-pilot o mag-user test ng mga bagong programa, produkto, o patakaran
- Internal na magsagawa ng pagsusuri o pagtatasa ng mga resulta
- External na magsagawa ng pagsusuri o pagtatasa ng mga resulta
- External na trial na random na nakokontrol
- Iba pa [TEXT BOX—5 words maximum]

C. POTENSYAL PARA SA SCALE

Hindi lahat ng programa ay may potensyal para sa scale – ang ilang pamamaraan ay hayagang idinisenyo para sa mga partikular at lokal na konteksto o populasyon. Parehong kinilala na dati ang Rockefeller Foundation at Chan Zuckerberg Initiative sa pagsuporta ng mga naturang pagsisikap.

Gayunpaman, ang Communities Thrive Challenge ay partikular na naghahanap ng mga organisasyon na may **modelo o pamamaraan na may mahusay na potensyal para sa impact sa scale** sa pamamagitan ng mga naaangkop at bagong mapagkukunan, pamumuhunan, diskarte, at partnership. Walang organisasyon ang makakakamit ng impact sa scale nang mag-isa!

Mayroon kaming malawak na kahulungan ng scale. Ang market expansion ay isang paraan upang mapalawak ang abot ng isang organisasyon. Ngunit maaari ding makamit ang scale sa pamamagitan ng pamamahagi ng inyong modelo sa isang pambansang network para sa pagpapatupad ng iba, pagbuo ng alyansa sa mga partner sa inyong buong rehiyon, pakikipagtulungan sa pamahalaan, pag-impluwensya sa pampubliko o pribadong patakaran, pangunguna o pagtatalaga para sa isang pagkilos, pagpapakilala ng bagong produkto, pagbabahagi ng bagong data o kaalaman, at sa pamamagitan ng iba pang paraan.

LAYUNIN PARA SA SCALE (500 salita)

Sa Round One na aplikasyon, hiniling sa inyo na isaalang-alang kung paano magiging epektibo ang inyong pamamaraan sa mas malaking scale. Ngayon, gusto naming palawakin ang inyong imahinasyon at layunin para sa scale. Paano ninyo bibigyang-kahulungan ang ‘impact sa scale’ para sa inyong organisasyon o pamamaraan? Isipin ito 10 taon mula ngayon: ang inyong organisasyon/programa/patakaran/produkto/pagkilos ay nakapagpabago na ng mga buhay at komunidad. Paano ito nangyari? Anong tungkulin ang ginampanan ng inyong organisasyon?
[TEXT BOX: 500 words]

MGA BALAKID NA DAPAT MA-SCALE O HAMON (150 salita)

Maliban sa mga mapagkukunan ng pananalapi, ano pang mga hamon o balakid (internal at external) ang kasalukuyan ninyong hinaharap sa pagkamit ng layunin para sa scale na inilalarawan sa itaas? Pakitukoy ang nangungunang tatlo, kabilang ang kahit isa lang na internal (ibig sabihin, isang hamon sa pagpapakilala na hindi lang produkto ng panlabas na politikal, sosyolohikal, o pang-ekonomiyang dahilan).
[TEXT BOX: 150 words]



D. PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD, PAGKAKASAMA AT MGA PARTNERSHIP

Madalas, ang mga organisasyon na nakatuon sa at nabibigyan ng impormasyon ng komunidad ay ang pinakaepektibo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kanilang target na populasyon.

PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD (350 salita)

Sa Round One, hiniling namin sa inyo na ipaliwanag nang maikli kung paano kayo nakikipag-collaborate at kung paano ninyo natitiyak na ang gawain ay nakabatay sa nakukuhang impormasyon mula sa komunidad. Ngayon, gusto naming malaman ang mas malalim na detalye: Partikular dito, paano ninyo isinangkot ang inyong komunidad (o mga komunidad) sa inyong gawain? Anong mga diskarte ang ginamit ninyo sa inyong outreach at pakikipag-ugnayan? Paano aktibong nakikilahok ang mga taong sinusubukan ninyong paglingkuran sa pagdidisenyo at pagpapahusay ng inyong gawain? Mangyaring magbigay ng halimbawa kung paano ninyo binago ang inyong pamamaraan bilang tugon sa feedback ng komunidad.

[TEXT BOX: 350 words]

PAGIGING INKLUSIBO (150 salita)

Pakipaliwanag kung paano kumikilos ang inyong organisasyon upang maisama ang lahat ng tao, nang hindi isinasaalang-alang ang kakayahan (pag-iisip at/o pisikal), edad, etnisidad, kasarian, status sa pagiging migrante o beterano, lahi, relihiyon, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, at socioeconomic na background.

[TEXT BOX: 150 words]

CROSS SECTOR NA COLLABORATION AT MGA PARTNERSHIP (150 salita)

Sino ang mga pinakamahalagang partner at katuwang, sila man ay mula sa pamahalaan, mga negosyo, o hindi para sa kita? Paano, kung nangyayari man, dumedepende ang kasalukuyang tagumpay at layunin para sa scale ng inyong organisasyon sa mga partner at katuwang na ito?

[TEXT BOX: 150 words]

E. PAMUNUAN

Naghahanap kami ng mga pinuno na nasa tamang posisyon upang masuportahan ang organisasyon sa pamamagitan ng pag-unlad at pag-scale, pinuno na makakapagpamalas ng mahusay na record at dedikasyon sa larangan ng gawain, at tunay na magiging kinatawan ng mga populasyong pinaglilingkuran nila.

ANG INYONG TEAM NG PAMUNUAN (150 salita)

Sa aplikasyon sa Round One, tinanong namin ang tungkol sa inyong team ng pamunuan. Mayroon ba kaming hindi nalaman tungkol sa inyong mga pinuno sa Round One na gusto ninyong idagdag ngayon? Kung ang aplikasyong ito ay isinusumite sa ngalan ng team ng mga organisasyon, pakitiyak na alam namin ang tungkol sa mga pinuno mula sa lahat ng organisasyon (at hindi lang ang tungkol sa prinsipal na organisasyon na siyang potensyal na grantee).

[TEXT BOX: 150 words]

MGA RESUME

Bukod pa rito, mangyaring mag-upload ng PDF file kung saan naroon ang mga resume/CV para sa tatlong pinakamataas na pinuno ng organisasyon (o pangunahing organisasyon kung nag-a-apply bilang team),



kabilang ang taong responsable sa kalagayan ng pananalapi ng inyong organisasyon. Mangyaring pagsama-samahin ang lahat ng resume sa isang file, dahil pinapayagan lang kayo na mag-upload ng isang file.

[PDF UPLOAD]

F. MGA KINAKAILANGAN SA PANANALAPI

KASALUKUYANG HALAGA NG PONDO

Ano ang kabuuang halaga ng kasalukuyan at inaasahang pondo (kabilang ang mga dolyar mula sa philanthropy at pamahalaan, kinita, utang, atbp.) para sa kasalukuyang piskal na taon? Pakilagay kung kailan nagsisimula ang inyong piskal na taon.

[NUMERIC BOX: numbers only]

PONDO SA NAUNANG PISKAL NA TAON

Ano ang kabuuang halaga ng pondo para sa naunang piskal na taon?

[NUMERIC BOX: numbers only]

MGA KASALUKUYANG PINAGKUKUNAN NG PONDO

Ano ang inyong kasalukuyan at inaasahang pinagkukunan ng pondo? (**TANDAAN:** Ang kabuuang halaga ng kasalukuyang pondo sa itaas ay dapat tumugma sa kabuuang halaga sa talahanayang ito.)

(MGA) KASALUKUYAN O INAASAHANG MAPAGKUKUNAN NG PONDO	HALAGA
KABUUAN	\$0

NARATIBO NG MGA KASALUKUYANG MAPAGKUKUNAN NG PONDO (150 salita)

Paano kayo nakakakuha sa mga mapagkukunang ito? Makakakuha pa rin ba sa mga mapagkukunan na ito sa hinaharap? Ipaliwanag ang inyong plano sa pagpopondo para sa tatlong taon. May gusto pa ba kayong ipaalam sa amin tungkol sa inyong mga mapagkukunan ng pondo?

[TEXT BOX: 75 words]

PAGLALARAWAN NG NARATIBO SA BADYET (150 salita)

Mangyaring magbigay ng pangkalahatang-ideya sa kung paano ninyo gagamitin ang grant award na \$1,000,000, kung kayo ay mapipili. Kung pipiliin kayong pagtuunan ng pansin sa inyong aplikasyon ang isang partikular na proyekto, pakisama rin ang inaasahang badyet sa pagpapatakbo para sa natitirang bahagi ng inyong organisasyon. Kasama dapat dito, sa pangkalahatan, ang kabuuang tinatantyang pangangailangan ayon sa tungkulin at/o dibisyon. Maaari ninyong isama ang anumang pagpapaliwanag tungkol sa mga kasalukuyang mapagkukunang nakuha ninyo.

[TEXT BOX: 150 words]



BADYET

Nauunawaan naming ang mga pangangailangan ng organisasyon ay patuloy na nagbabago at ang dedikasyon nito ay nasa pagbibigay ng hindi pinaghihigpitang pondo sa aming pinal na portfolio ng mga garantiya sa 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa. Gayunpaman, ayon sa batas, ang pagpopondo ng grant ay dapat pinaghihigpitan sa mga partikular na proyekto sa kawanggawa ng anumang organisasyon na hindi 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa. Depende sa istraktura ng inyong organisasyon, pakisunod ang mga tagubilin sa ibaba:

- Kung kayo ay 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa, mangyaring magbigay ng ilustratibong line item na badyet sa kung paano ninyo gagastusin ang \$1,000,000 kung matatangap ninyo ito ngayong araw. (TANDAAN: Kung kayo ay magiging grantee, hindi magkakaroon ng bisa ang badyet na ito sa inyo. Ang grant ay ilalaan para sa suporta sa pangkalahatang pagpapatakbo -- ang ilustratibong badyet ay paraan para sa mga reviewer na magkaroon ng pagtatantya sa kung paano ninyo gagamitin ang grant o kung paano ninyo gagamitin sa pamumuhunan ang grant.)
- Kung kayo ay hindi isang 501(c)(3) na pampublikong kawanggawa, mangyaring maglagay ng detalyadong line item na badyet sa kung paano ninyo gagastahin ang \$1,000,000 na grant kung matatangap ninyo ito ngayong araw. Kasama dapat sa badyet ang isang detalyadong breakdown ng oras ng staff na nakalaan sa proyekto upang matulungan kami na maunawaan kung paano nalalaan sa kawanggawa ang inyong gawain.

Mangyaring tiyakin na ang anumang pondong tutukuyin sa talahanayang ito ay nagpapakita at nagbibigay-linaw sa inyong pangkalahatang inaasahan na inilahad sa inyong naratibo sa badyet.

PAGLALARAWAN	HALAGA
KABUUAN (DAPAT AY KATUMBAS NG \$1,000,000)	\$1,000,000

SUSTAINABILITY SA PANANALAPI (150 salapi)

Ang grant ng Communities Thrive Challenge ay magbibigay ng kontribusyon sa gawain ng inyong kumpanya, ngunit maaaring mangailangan ng karagdagang mapagkukunan. Kung kailangan ng mga karagdagang pondo, pakilarawan ang inyong mga plano upang makuha ang mga pondong ito. Ilarawan ang plano ninyo upang matiyak ang sustainability sa pananalapi ng inyong organisasyon sa loob ng susunod na ilang taon.

[TEXT BOX: 75 words]



G. PAGESUNOD PARA SA MGA APLIKANTE NA HINDI KABILANG SA SEKSYONG MGA 501(C)(3) NA PAMPUBLIKONG KAWANGGAWA

Kailangan lang ang seksyong ito ng aplikasyon para sa mga organisasyon na hindi kabilang sa 501(c)(3) na mga pampublikong kawanggawa. Ang inyong mga tugon sa mga tanong na ito ay susuriin upang matukoy kung kwalipikado ang inyong organisasyon na makatanggap ng grant, batay sa kung matutugunan ninyo ang mga patakaran at pamantayan ng The Rockefeller Foundation at ng Chan Zuckerberg Initiative, at ang mga batas na nalalapat sa mga ito. Bilang paalala, maaari lang gamitin ang mga pondo ng grant para sa mga layunin sa kawanggawa. Pakitingnan ang mga panuntunan at kundisyon para sa higit pang impormasyon.

LAYUNIN PARA SA KAWANGGAWA (150 salita)

Ano ang layunin para sa kawanggawa ng inyong gawain? Ilarawan kung paano magkakaroon ng benepisyong mula sa inyong pamamaraan ang publiko o ang isang subset nito, na isang pangkat na nangangailangan ng kawanggawa. Sa pangkalahatan, ang isang pangkat na nangangailangan ng kawanggawa ay dapat may hindi tiyak na bilang ng mga indibidwal na pinaglalaanan ng layunin sa kawanggawa at hindi lang isang limitadong bilang ng mga partikular na indibidwal. Halimbawa, ang pangkat ay maaaring mga taong nangangailangan sa isang komunidad na may limitadong mapagkukunan ngunit hindi isang partikular na tao sa komunidad, kahit pa walang mapagkukunan ang taong iyon. Maaaring maliit ang bilang ng mga indibidwal, kung ang mga indibidwal ay hindi natutukoy at open ended ang pangkat.

[TEXT BOX: 150 words maximum]

PRIBADONG BENEPISYO (150 salita)

Ang mga pribadong interes ba (gaya ng mga shareholder, kumpanyang para sa kita, contractor, consultant, o iba pang indibidwal) ay makikinabang nang higit sa insidental na paraan mula sa gawain kumpara sa pampubliko o kawanggawang benepisyong? Kung ang inyong pamamaraan ay magbibigay-daan sa anumang pribadong benepisyong sa isa o higit pang indibidwal, magbigay ng paliwanag ng kung bakit hindi makakamit ang pampublikong benepisyong nang hindi nabibigyan ng benepisyong sa kinakailangang paraan ang mga indibidwal at hanggang saan ito maikukumpara sa pampublikong benepisyong. Maaari kayong sumangguni sa aming Patakaran sa Pribadong Benepisyong para sa paglililaw.

[TEXT BOX: 150 words maximum]

H. INYONG VIDEO PITCH

Kailangan ninyong magsumite ng video presentation na nagpapakita ng inyong sariling pitch kung bakit dapat pondohan ang inyong pamamaraan. Mag-a-upload kayo ng maikling digital film gamit ang YouTube. Itakda ang Mga Setting sa Privacy sa inyong video sa Pampubliko o Hindi Nakalista; huwag itong itakda sa Pribado. Ang inyong video ay maaaring i-extract mula sa inyong isinumite at gawing available sa publiko.

Dapat sumunod ang inyong video sa mga sumusunod na alituntunin. Kung hindi ito susunod, ang inyong isinumite ay maaaring maging invalid at maging hindi na kwalipikado para sa award.

- Hindi dapat ito mas mahaba sa 90 segundo.
- Isa o dalawang tao lang ang dapat mag-present sa video.
- Ang dialogue ay dapat nasa wikang English, o, kung nasa ibang wika, mayroon dapat itong subtitle sa wikang English.



- Wala dapat kasama ditong mga makikilalang bata na walang pahintulot ng magulang.

Narito ang mga pangkahalatang suhestyon sa paghahatid ng mataas na kalidad na video pitch:

- Ipakilala ang inyong sarili at ang inyong organisasyon at/o team.
- Anong problema ang sinusubukan ninyong lutasin?
- Ano ang inyong pamamaraan?
- Ano ang natatangi tungkol sa inyong pamamaraan? At paano nito mapapalawak ang naaabot nito?
- Paano kayo makakakamit ng mas matinding impact kung nasa inyo ang mga kinakailangang mapagkukunan?

Paghusayin ang inyong content:

- Panatiliing simple ang inyong paglalarawan at paglalahad.
- Magpamalas ng malasakit sa pamamagitan ng inyong salita at pagiging masigasig.
- Bigyang-pansin ang pagbibigay ng personal na koneksyon at pagsasabi sa amin kung bakit mahalaga ang inyong gawain; hindi kami naghahanap ng produksyon na maaaring ilinya sa Hollywood. Ito ay tungkol sa pagpapakita ng inyong malasakit at pamamaraan, at hindi mga diskarte sa paggawa ng pelikula.

I. IMPORMASYON PARA SA MGA FINALIST

Inaasahan naming kami ay tatanggap ng 20 Finalist sa huling bahagi ng Agosto 2018. Kung mapipili kayo, aasahan kayo na:

- Paunlakan ang mga team ng The Rockefeller Foundation at Chan Zuckerberg Initiative sa pagbisita sa site sa pagitan ng Setyembre 4 at Setyembre 21, 2018.
- Magbigay ng hanggang sa tatlong taon ng na-audit na talaan sa pananalapi at tax statement para sa prinsipal na organisasyon.
- Magbigay ng mga sanggunian.
- Posibleng magsagot ng karagdagang tanong tungkol sa mga pagpapatakbo at sistema sa pananalapi ng inyong organisasyon sa isang proseso sa makatuwirang hakbang, kabilang ang pagtugon sa kahilingan para sa tawag sa telepono o dokumento (hinihiling ang tugon sa loob ng 48 oras) mula sa The Rockefeller Foundation at/o Chan Zuckerberg Initiative.
- Kung bahagi kayo ng aplikasyon para sa team, magbigay ng ganap na ipinapatupad na Liham ng Layunin (Letter of Intent, LOI) o iba pang katulad na kasunduan, na ipinapatupad ng lahat ng partido, na ang isang kwalipikadong entity o organisasyon ay magsisilbi na grantee at magbibigay ng direksyon, kontrol, at pangangasiwa sa lahat ng ipinapanukalang proyekto at pamamahala sa lahat ng pondo ng grant at pag-uulat ng mga kinakailangan.

RUBRIC SA PAGMAMARKA NG KATANGIAN

#1 IMPACT

Ang mga ipinamamalas na resulta ba, sa pamamagitan man ng internal o external na impormasyon or data na nagpapakita ng pamamaraan, ay nagpahusay/magpapahusay sa mga buhay ng target na mga



komunidad? Tinutugunan ba ng panukala ang isang mahalaga at/o agarang problema na kinakaharap ng komunidad pagdating sa seguridad, mobility at/o oportunidad na pang-ekonomiya?

MABABANG IMPACT	
0.1-0.9	Nagpakita ng pamamaraan na mahirap makakamit ng mga resulta, at/o ang problemang tinutugunan ay maaaring hindi ganoon kahalaga sa komunidad kumpara sa ibang problema.
1.1-1.9	Nagpakita ng pamamaraan na nakakakamit lang ng mga marginal na resulta at/o ang problemang tinutugunan ay hindi ganoong agaran kumpara sa ibang problema.
2.1-2.9	Nagpakita ng epektibong pamamaraan para sa pagtugon ng hindi ganoon kahalagang problema, o nagpakita ng katamtamang resulta at pagkaepektibo sa pagtugon sa isang kumplikado at mahalagang problema.
3.1-3.9	Nagpakita ng matagumpay na pamamaraan na naghatid ng mahahalagang resulta para sa komunidad. Ang problema ay malawakang pinagkasunduan bilang mahalaga at agaran.
4.1-4.9	Nagpakita ng mahusay na pamamaraan na maghahatid ng mga resulta para sa pagbabago. Tumatalakay sa mahalaga, kumplikado, at agarang problema na maaaring itinuring dati bilang hindi malulutas.
IMPACT PARA SA PAGBABAGO	

#2 POTENSIAL PARA SA SCALE

Maaari bang maging epektibo ang pamamaraang ito sa malaking scale at/o maging modelo para sa ibang organisasyon, patakarán, o pagkilos? Ang aplikante ba ay nasa tamang posisyon upang ma-scale ang pamamaraang ito?

LIMITADONG POTENSIAL PARA SA SCALE	
0.1-0.9	Ang kasalukuyang pamamaraan ay limitado sa kakayahan nitong lumago, lumawak, makaimpluwensya, o makopya, kahit epektibo ito sa lokal nitong komunidad; hindi nase-scale.
1.1-1.9	Ang napakitang potensial na posibleng kaso para sa scale ay maisasakatuparan lang sa pamamagitan ng mahahalagang pababago sa pamamaraan at sa loob ng organisasyon ng aplikante.
2.1-2.9	Nagpakita ng posible ngunit hindi tiyak na kaso na hindi mase-scale ng pamamaraan sa paglipas ng panahon; posible sa kasalukuyang pamamaraan o modelo, advanced o pinamumunuan ng organisasyon ng aplikante.
3.1-3.9	Nagpakita ng hindi matatawarang layunin para sa pag-scale ng impact na maaaring posible sa kasalukuyang pamamaraan, advanced o pinamumunuan ng aplikante ng organisasyon.
4.1-4.9	Malinaw na mase-scale kaagad ang pamamaraan; nasa tamang posisyon ang aplikante ng organisasyon upang pangunahan ang pagsisikap na ito.
MATAAS NA POTENSIAL PARA SA SCALE	



Communities
Thrive
Challenge



**#3 NASA KOMUNIDAD/NABIBIGYAN NG
IMPORMASYON**

Alam ba ng organisasyon kung saan nangyayari ang pagkilos? Isinasaalang-alang ba sa pamamaraan ang mga natatanging katangian ng komunidad na pinaglilingkuran nito? Ipinapamalas ba ng organisasyon ang kakayahan na makakolekta at makapagsama ng feedback sa tuloy-tuloy na paraan mula sa mga taong nilalayan nitong paglilingkuran at sa iba pang stakeholder?

HINDI NAKAKONEKTA	
0.1-0.9	Hindi nakakonekta sa komunidad; hindi kinilala o isinama ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng komunidad sa pamamaraan.
1.1-1.9	Limitadong pag-unawa sa komunidad; nag-alok ng hindi sapat o hindi malinaw na paraan para sa collaborative na pagkilos katuwang ng mga miyembro ng komunidad.
2.1-2.9	Nagbigay ng malinaw na paraan o layunin para sa pagsasama-sama ng feedback ngunit hindi pa ito ganap na ginagawa; nagsisikap na tumugon sa mga pangangailangan ng komunidad
3.1-3.9	Naglarawan ng mahusay at bukas na kaugnayan sa mga miyembro ng lokal na komunidad; mahusay na tumutugon sa mga partikular na pangangailangan ng komunidad.
4.1-4.9	Isinasama ang mga miyembro ng komunidad sa pagtatakda ng mga priyoridad; nagtitiyak ng aktibong pakikilahok at pagbibigay ng feedback mula sa iba't ibang stakeholder ng komunidad.
NAPAGSASAMA-SAMA	

#4 PAMUNUAN

Ang mga pinuno ba ng organisasyon ay nagpapamalas ng mahusay na record at dedikasyon sa larangan ng gawain at ginagamit ang mga kinakailangang kasanayan? Kinakatawan ba nila ang mga populasyong pinaglilingkuran nila? Nasa tamang posisyon ba ang pamunuan ng organisasyon upang masuportahan ang organisasyon sa pag-scale ng impact?

HINDI EPEKTIBO	
0.1-0.9	Ang pamunuan ay hindi nagpapakita ng dedikasyon o koneksyon sa gawain o lokal na komunidad at/o nakakaranas ng mabibigat na hamon sa pamamahala ng mga pagpapatakbo.
1.1-1.9	Nagkukulang ang pamunuan sa partikular na kaalaman o kasanayan na posibleng kailanganin para sa tagumpay sa scale; kaunti ang pag-unawang ipinapakita hinggil sa, o record ng, komunidad na pinaglilingkuran nito.
2.1-2.9	Ang mga pagpapatakbo ay epektibong pinamamahalaan ng mahusay at kwalipikadong pamunuan; nagpamalas ng hindi nagbabagong record at dedikasyon sa larangan ng gawain at pinaglilingkurang populasyon.
3.1-3.9	May napatunayang record ng tagumpay ang pamunuan; may kredibilidad na kumakatawan at nagpapakita ang mga pinuno ng dedikasyon sa gawain at sa lokal na komunidad.
4.1-4.9	Mga may karanasan at ekspertong pinuno na nakakamit ng mga mahusay na resulta; kinakatawan ng mga pinuno nang may kaalaman at malasakit ang pinaglilingkuran nilang



Communities
Thrive
Challenge

	komunidad sa pamamagitan ng masidhing layunin para sa mas magandang hinaharap.
NAGBIBIGAY NG INSPIRASYON AT EPEKTIBO	